Mensahe Lima

# Isang Lupain ng mga Puno ng Ubas

Babasahin sa Kasulatan: Fil. 2:17; Gen. 35:14; 2 Tim. 4:6

**I. Ang puno ng ubas ay sumasagisag sa nagsasakripisyong Kristo, ang Kristo na nagsakripisyo ng lahat-lahat ng Kanyang sarili, at mula sa Kanyang pagsasakripisyo ay ibinunga Niya ang bagong alak upang pasayahin ang Diyos at tao—Deut. 8:8; Huk. 9:13; Awit 104:15a:**

A. Si Kristo ang tagagawa ng alak, isinakrispisyo ang Kanyang sarili upang makagawa ng alak para pasayahin ang Diyos at ang iba.

B. Bilang puno ng ubas, nagbubunga si Kristo ng kasiyahan para sa Diyos at kasiyahan para sa iba.

**II. Kung kakaugnayin natin ang Kristo na isinasagisag ng puno ng ubas at mararanasan ang Kanyang nagsasakripisyong buhay, palalakasin Niya tayo upang mamuhay ng isang buhay ng pagsasakripisyo, gumagawa ng alak upang gawing masaya ang iba at ang Diyos—Roma 12:1; Efe. 5:2; 2 Cor. 1:24:**

A. Sa ilalim ng pagkasoberano ng Panginoon, maaaring mailagay tayo sa mga sitwasyon kung saan kailangan nating isakripisyo ang ating sarili upang mapasaya ang iba—Roma 12:1; Efe. 5:2:

1. Kung sa gitna ng gayong sitwasyon ay kinakaugnay natin ang Panginoon, mararanasan natin Siya bilang gumagawa ng alak na puno ng ubas, bilang Isa na nagbibigay kasiyahan sa Diyos at sa iba—Fil. 3:1a.
2. Ang kinalabasan ng pagdaranas kay Kristo bilang puno ng ubas ay yaong sa loob Niya, sa pamamagitan Niya, at kasama Niya, at dahil sa Kanya, tayo ay nagiging isang puno ng ubas na nagbubunga ng isang bagay upang pasayahin ang Diyos at tao.

B. Kung mararanasan natin si Kristo sa ganitong aspekto ng Kanyang pagiging nagpapaloob ng lahat, magkakaroon tayo ng maraming alak na maiinom, at tayo ay "malalasing" at "mababaliw" kay Kristo, mapupuspos ng kagalakan sa Panginoon—Juan 15:11; Gawa 5:41; 13:52; Fil. 3:1a; 4:4.

C. Sa ating sarili ay Wala tayong kakayahang mamuhay ng isang buhay ng nagsasakripisyo, dahil ang ating buhay ay isang natural na buhay, isang makasariling buhay—Job 2:4; Mat. 16:25:

1. Tanging buhay ni Kristo ang isang buhay ng nagsasakripisyo.
2. Si Kristo bilang nagsasakripisyong Kordero ay nabubuhay sa loob natin, pinalalakas tayo upang isakripisyo ang ating sarili para sa iba upang bigyan sila ng saya at gawin silang masaya—2 Cor. 4:12; Efe. 5:2.
3. Kung kakaugnayin natin ang Panginoon at mararanasan ang Kanyang nagsasakripisyong buhay, palalakasin at patatatagin Niya tayo upang magsakripisyo para sa Diyos at para sa iba—Juan 1:29; 20:22; 1 Cor. 15:45b; 6:17; Fil. 4:13; Roma 12:1; Efe. 5:2:

a. Lalo nating nararanasan si Kristo bilang puno ng ubas kalakip ang Kanyang nagsasakripisyong buhay, lalo tayong napalalakas upang magsakripisyo ng ating sarili para pasayahin ang Diyos at ang iba.
b. Tayo ay "malalasing" ng kasiyahan, natatanto na ang pinakamasayang tao ay isa na pinaka hindi makasarili.
c. Magdadala tayo ng kasiyahan sa mga yaong kumakaugnay sa atin, at magdadala tayo ng saya sa Diyos—2 Cor. 1:24; 5:13a.

**III. Sa pamamagitan ng pagdaranas kay Kristo bilang nagbubunga ng alak na puno ng ubas at sa pamamagitan ng pagiging napuspos Niya bilang bagong alak, maaari tayong maging isang handog na inumin sa Kanya at kalakip Siya—Gen. 35:14; Exo. 29:40-41; Fil. 2:17; 2 Tim. 4:6:**

A. Ang handog na inumin ay sumasagisag kay Kristo bilang Isa na ibinuhos bilang ang tunay na alak sa harap ng Diyos para sa Kanyang kasiyahan—Exo. 29:40-41:
1. Ang handog na inumin ay karagdagan sa mga pangunahing handog, at ibinuhos ito sa isa sa mga pangunahing handog—Bil. 15:1-10; 28:7-10.
2. Ang alak ng handog na inumin ay ibinuhos para sa kasiyahan ng Diyos; ito ay ibinuhos para inumin ng Diyos—Exo. 29:40-41:
a. Ibinuhos ni Kristo ang Kanyang katauhan tungo sa Diyos—Isa. 53:12.
b. Si Kristo ang makalangit, espiritwal na alak na ibinuhos sa Diyos para sa Kanyang kaluguran; ibinuhos Niya ang Kanyang sarili bilang alak upang mapasaya ang Diyos.

B. Ang handog na inumin ay sumasagisag hindi lamang kay Kristo Mismo bagkus gayundin kay Kristo na siyang nagtitigmak sa atin ng Kanyang sarili bilang makalangit na alak hanggang sa Siya at tayo ay maging isa upang maibuhos para sa pagtatamasa at kasiyahan ng Diyos at para sa pagtatayo ng Diyos—Mat. 9:17; Fil. 2:17; 2 Tim. 4:6:
1. Ang handog na inumin ay isang sagisag ni Kristo bilang makalangit na alak na tinatamasa ng tagapaghandog, pinupuspos siya at sinasanhi siyang maging alak sa Diyos—Fil. 2:17:
a. Sa pamamagitan ng pagdaranas kay Kristo bilang mga handog, tayo ay nagiging mga taong puspos at natigmakan ng Kristo—Efe. 3:17; Gal. 4:19.
b. Ang Kristo na subhektibong naranasan natin bilang mga handog ay nagiging alak sa atin, sinasanhi tayo na maging lubos na masaya at nagagalak—Mat. 9:17; 2 Cor. 5:13a.
c. Kalaunan, tayo ay natitigmakan ng Kristo bilang makalangit na alak at kaisa ng alak at nagiging alak pa nga; sa ganitong paraan, kuwalipikado tayong maging handog na inumin—Mat. 9:17; 2 Cor. 5:13a; Efe. 5:2; Fil. 2:17.

2. Nagbuhos si Jacob ng isang handog na inumin sa haligi sa Bethel, ipinahihiwatig na ang handog na inumin ay para sa pagtatayo ng Diyos—Gen. 35:14:
   a. Ang alak na ibinuhos sa Bethel ay hindi ang alak na direktang mula sa pisaan ng ubas; ito ang di-direktang alak na mula sa mga yaong nagtamasa kay Kristo bilang alak at mga natigmakan ng Kristo bilang alak.
   b. Sa Bethel, sa bahay ng Diyos, ang ekklesia bilang Katawan ni Kristo, tayo ay kailangan maibuhos sa kalaunan bilang handog na inumin—2 Cor. 12:15a.

**IV. Si apostol Pablo ay naging handog na inumin na ibinuhos sa ibabaw ng hain at paglilingkod ng pananampalataya ng mga banal—Fil. 2:17; 2 Tim. 4:6:**

A. Ang alak ng handog na inumin sa Filipos 2:17 at 2 Timoteo 4:6 ay ang Kristo (alak) ng Mateo 9:17 na siyang nagtigmak kay Pablo at ginawa siyang alak.

B. Si Pablo ay naging isang handog na inumin para sa ekklesia; ipinahihiwatig nito na ang handog na inumin ay hindi lamang para sa pagsamba sa Diyos bagkus lalong-lalo na para sa pagtatayo ng Diyos.

C. Batay sa prinsipyo ng handog na inumin na nangangailangan ng pangunahing handog, itinuring ni Pablo ang hain at paglilingkod ng pananampalataya ng mga mananampalataya bilang pangunahing handog na roon ay maibubuhos niya ang kanyang sarili bilang handog na inumin—Fil. 2:17:
1. Ang pananampalataya rito ay kinapapalooban ng lahat ng naranasan at natamasang Kristo ng mga mananampalataya; sa sukdulan, kinapapalooban ito kung ano ang mga mananampalataya mismo.
2. Ang pangunahing handog kung saan maibubuhos ni Pablo ang kanyang sarili bilang handog na inumin ay ang pananampalataya ng mga mananampalataya sa Filipos:
   a. Ang pananampalataya ng mga mananampalataya, hindi ang mananampalataya mismo, ang siyang hain.
   b. Ang pananampalataya, ang salita, ang Espiritu ay iisa—Roma 10:17; 8:9.
3. Ang pananampalataya sa Filipos 2:17 ay ang kabuoan ng ating karanasan, pagtatamasa, at pagtatamo kay Kristo:
   a. Ang ating karanasan, pagtatamasa, at pagtatamo kay Kristo ay naging isang matamis na haing inihandog sa Diyos.
   b. Sa pamamagitan ng pagtatamasa kay Kristo, nararanasan natin si Kristo, natatamo si Kristo, at naaangkin si Kristo, at ang ating katauhan ay nabubuoan ng Kristo; sa ganitong paraan ang ating pananampalataya ay nagiging isang hain, na maihahandog sa Diyos at sa ibabaw niyaon ay maibubuhos ang handog na inumin.

*© 2023 Living Stream Ministry*